# THE IPONARYO HANDBOOK

Starter Edition



Gusto mo ba magkaroon ng IPON?

Gusto mo ba umabot sa punto na sa sobrang dami mo ng ipon, wala ka ng iisipin at alalahanin sa iyong kakanin at babayarin?

Pero marami po sa mga kababayan natin ay walang ipon at lubog sa utang.

At ang ilan pang mga problema minsan kapag nagse-share tayo ng information about sa pag-iipon, ang sinasabi ng iba:

*“KULANG NA NGA ANG KITA, PAANO KA MAKAKAIPON?”*
*“MALIIT LANG ANG KITA KO, PAANO AKO MAGBA-BADYET?”*
*“SINUBUKAN KO NA ‘YAN DATI, NABIGO LANG AKO.”*
*“WALA AKONG KAKAYANANG KUMITA NG MALAKING PERA”*
*“ALAM KO NA ‘YAN!”*

Sa totoo lang, alam mong kailangan i-prioritize ang pag-iipon pero the question is: May ipon ka ba?

Because from what I have learned in life, it’s not about how much you know but how much you apply.

Ang kaalaman ay walang halaga kapag ‘di napa-practice sa buhay.

That’s the reason why in this season, para sa mga taong seryosong makaipon...

# 4 DISKARTE PARA MAKA-SAVE SUCCESSFULLY

**STRATEGY #1: Cut down your expenses.**

Ang solusyon para makaipon ay hindi dagdag kita pero bawasan ang gastos. Huh? Totoo ba?

Let's be realistic.
Let's ask ourselves:
How much money have we saved this lockdown?

Ilang buwan na tayong hindi kumakain sa labas, umiinom ng kape, milk tea, travel, bumibili ng bagong sapatos or bag.

Gets?
Ang laki na dapat ng pera na natitipid natin, 'di ba?

In other words:
MONEY NOT SPENT IS MONEY ADDITIONALLY EARNED.
Ang perang 'di ginastos ay dagdag kita at ipon para sa 'yo.

Sa totoo lang...

HIMALA NA BUHAY PA RIN TAYO AFTER HOW MANY MONTHS NA WALA TAYONG BINIBILI NA BAGAY NA HINDI NATIN KAILANGAN. ANG HIMALA AY BUHAY PA RIN TAYO.

Buhay pa rin tayo. Malusog tayo.

Sa pagtitipid, hindi ibig sabihin na cheap ka or kuripot ka.

Ang ibig sabihin n'yan ay praktikal ka, hindi ka nagsasayang, hindi ka waldas, hindi ka nag-aaksaya.

Ang goal talaga natin sa buhay, na-realized ko ngayong community quarantine:
We must live in simplicity not in duplicity. Kaya pala eh!

Sabi nga ni Warren Buffet:
*"Do not save what is left after spending; instead, spend what is left after saving."*

That's strategy #1, magbawas ng expenses.

**STRATEGY #2: Increase your savings.**

Kapag tayo po ay kumita ng dagdag income, hindi po natin dapat dagdagan ang gastos. Dapat dagdagan po natin ang pag-iipon.

(As you increase your income, you must increase your savings.)

'Yan ang character trait ng isang iponaryo, 'di ba? Tatandaan po natin na ang pera ay isang tool. What is a tool? The goal of a tool is to make our life easier.

Ganu'n din po ang purpose ng pera: to make our life easier.

Pero imagine mo naman kung ang tool ay nagpapahirap ng buhay sa 'yo...

Ibig sabihin po n'yan ay mali ang paggamit mo sa tool.

Example na lang, gamitin mong payong ang silya. Ay mabigat ‘yan at mangangawit ka dahil ang purpose ng upuan ay maupuan, hindi para buhatin.

Likewise, ang purpose ng pera ay pampagaan ng buhay, hindi pampahirap ng buhay.

That’s the reason why, tandaan n’yo po, saving is not all about money but saving is all about habit.

Habit ‘yan.

Dalawa lang ang habits na pwede kayong magkakaroon. SAVING or SPENDING.

Ano sa tingin mo ang mas maganda? Take your pick.

**STRATEGY #3: Increase your sources of income.**

Matapos mong magbawas, matapos mong dagdagan ang iyong pag-iipon, kailangan na po na dagdagan ang pagkakakitaan.

Sa panahon ngayon ay hindi na puede na iisa pa rin ang iyong source of income. Alam mo ‘yan.

Para sa mga tao na iisa lang ang income sa ngayon, ano po ang nangyayari? Nararamdaman na nila ang hirap.

Pero para sa mga taong may diskarte at nakapag-iipon, mala-king benefit sa kanila kung meron pa sila na sideline, online bu-

siness, paupahan, at pautang na may kinikita sila.

Makikita mo talaga na kapag ikaw ay may multiple sources of income, malaki rin ang iyong maitatabing ipon.

And that is what I've learned from a billionaire.

Ano pong ginawa n'ya? Hindi lang iisa ang kanyang source of income. 'Yan ang tinuro n'ya sa 'kin. Ako naman ay nangopya.

Ang ginawa ko ay naghahanap din ako ng multiple sources of income.

Masasabi ko na ang pinapaka-powerful na source of income ay PASSIVE INCOME.

Ano yun? Kahit hindi ka magtrabaho, may papasok pa rin na pera. Maganda ba yung idea na yun? Yes!

Kahit may pandemic, mawalan ka man ng trabaho pero 'pag may passive income ka, tuloy tuloy ang cash flow mo.

**STRATEGY # 4: Save with a goal in mind.**

Dapat bago ka mag-ipon, may goal ka na. Isulat mo kung para sa anong layunin.

Let me prove it.

*How many times na nagsimula kang mag-ipon, tapos at the end of the day, naubos ang naipon mo? 'Di ba?*

Nag-ipon ka ng 5k or 8k pero nagyaya ang friends mo na kumain sa labas. Sabi mo sa sarili mo:

*“Okay lang may ipon naman ako. Deserve ko naman ito.”*

Nag-ipon ka ng 20k pero nagyaya ang friends mo na bumiyahe o mag-travel. Sabi mo sa sarili mo: *“Hindi ko naman uutangin eh. Akin naman ito.”*

Before you save, you should have a goal in mind.

Kapag wala kang goal, mauubos ‘yan. Alam mo saan mapupunta?
Kung saan-saan. (Shopee, Lazada, etc.)
Doon mapupunta ‘yan kapag wala kang goal.

What should we save for?

1. Calamity fund
2. Emergency fund
3. Investment fund
4. Protection fund
5. Business fund

Ito ang mga funds natin na dapat muna nating pag-ipunan para maranasan natin ang Financial Freedom. Tandaan natin na ang malaking ipon ay hindi agad nakakamit ng isang araw lamang pero ito ay makakamit mo sa bawat araw na ikaw ay nagde-decide na mag-ipon.

Totoo na hindi madali ang magsimulang mag-ipon o ang magkaroon ng magandang habit sa paghawak ng pera pero

kapag nakita mo na ang bunga ng iyong pagsasakripisyo, masasabi mo sa sarili mo na worth it pala!

Sana ang mga simpleng strategies or diskarte na ito ay makatulong upang ikaw ay maging wealthy at debt-free!





# BARYA...

## IPINUHUNAN SA BUSINESS!

"

**Inapply ko talaga ang lahat ng natutunan ko kay sir Chinkee na kailangan you must have multiple sources of income. Huwag ikahiya ang liit ng barya. Kaya bawat kita ko ay hinulog ko sa alkansya. At dahil napuno na ipupuhunan ko sa aking maliit na business. Salamat talaga Mr Chinkee.**

**JANETH SALCEDO**

from the CHINK+ IPONARYOS Facebook Group

**KWENTONG IPONARYO**

IPONARYO**STORIES**

# ISANG IPONARYO ANG NAKIPON AT UNTI-UNTING NAKAKALABAS SA UTANG DAHIL SA MGA NATUTUNAN MULA SA MGA LIBRO NI CHINKEE TAN





## THE SUCCESS STORY

**- Cynthia Felicia**


**"Sir chinkee tan. Anghel na bumaba sa lupa, Salamat nkakaiyak tlga, Kaya ko pala, Kahit dq mbuo ng 52weeks Need n kc mag p internet at vendo Wifi, Starter palang, tapos mtitira ilalagay kay bank, Sobrang saya ko lang, Oct.17 2019 start aq ng 10percent s sari-sari store ko, Feb 6 2020 binuksan, Kayang kaya pala kahit my utang aq n 4million Nakkhulog aq s mga financier q at nkkpag ipon, kaibiganin lang c budget at disiplina, S ngayon s 5 qng financier 2 n natapos q. My 3 pa,, at 3years ang target q matapos at mkwala s utang, S biyaya at awa ng Diyos makakaraos ako, Malaking tulong ang libro, Sulit n sulit s kaalaman. Maraming salamat tlga sir chinkee, God bless at more more books video po.**



**JOIN CHINK+ IPONARYOS FB GROUP PAGE!**

IPONARYO**STORIES**

# KA-IPONARYO NAKAIPON NG PANG TUITION NG ANAK DAHIL SA PANUNUOD NG YOUTUBE VIDEOS NI CHINKEE TAN





## THE SUCCESS STORY

**- Shalom Shalom**


**"Hi mga ka iponaryos! Share ko lang po itong munting ipon ko. Salamat God po talaga dahil sa kapapanood ko at sa mga libro ni sir chinkee at sa video nya sa fb at youtube...at sa kapwa iponaryo nag shashare dito na naging inspirasyon din sa pag iipon. Nakaipon po ako from august 8 to october 4 ng 22,560! Ang saya ko talaga hehe. Savings ko po hanggang next next year pa. Para pang tuition sa college ng anak ko. Pati baon nya sa school na 100, yong 50 itinatabi nya para daw sa future. Salamat po sir chinkee sa mga payo po!**
**To God be the glory!!!!!!"**



**JOIN CHINK+ IPONARYOS FB GROUP PAGE!**

IPONARYOSTORIES

# ISANG IPONARYO ANG NAKAPAGPATAYO NG PAUPAHAN DAHIL SA PAGBABASA NG MGA LIBRO NI CHINKEE TAN





## THE SUCCESS STORY

**- Iryn Dumayac Groth**

**"Hello mga kaChink, share ko lang sa inyo ang napagawa kung paupahan dahil sinonod ko ang mga payo ni Sir Chinkee. Ngayon ay matatapos na sa wakas. Salamat sir Chinkee, kung hindi dahil sa mga libro mo na binasa ko at sa mga videos mong paulit ulit kung pinapanood hindi ako nakapag pagawa nito. Go lang tayo mga ka Chinks hanggang sa matupad natin ang ating mga panggarap."**



**JOIN CHINK+ IPONARYOS FB GROUP PAGE!**

# JOIN THE FB GROUP!

www.facebook.com/groups/chinkpositiveiponaryos/